2013 HALALANG PAMBARANGAY

Ika-28 ng Oktubre 2013

MENSAHE

ANG BARANGAY ANG **PANGUNAHING YUNIT NG PAMAHALAAN** KUNG SAAN: 1.) NAGKAKAROON NG PAGPAPLANO AT PAGSASAGAWA NG MGA PROGRAMANG PANGKAUNLARAN AT PANGKAPAYAPAAN; 2.) NAGKAKAROON NG PALITAN NG KURU-KURO AT PAGLILINAW SA MGA USAPING PANGKOMUNIDAD; AT 3.) NAGSASAAYOS NG MGA GUSOT AT DI PAGKAKAUNAWAAN SA PAGITAN NG MGA MAGKAKABARANGAY. *(Refer to Briefer on Barangay Good Governance & Section 384 of LGC)*

DAHIL SA BARANGAY UNANG LUMALAPIT ANG MGA MAMAMAYAN PARA SA MGA KAGYA'T NA PANGANGAILANGAN, **ANG BARANGAY ANG NAGSISILBING MUKHA NG ATING PAMAHALAAN**.

ANG PAGLILINGKOD NA IBINIBIGAY NG ISANG BARANGAY ANG UNANG NAG-IIWAN NG **IMPRESYON SA URI AT KALIDAD NG SERBISYONG PAMPUBLIKO**.

ANG MGA SERBISYONG INILALAAN NG ISANG BARANGAY AY DAPAT **TUMUTUGON SA MGA PANGUNAHING PANGANGAILANGAN** NG BUONG KOMUNIDAD.

ANG PAGPAPATAYO NG MGA PASILIDAD SA ISANG BARANGAY AY **DAPAT NAAAYON DIN SA PANGANGAILANGAN AT SA KAKAYAHANG PAMPINANSIYAL** NG ISANG BARANGAY. *(Refer to Briefer on Barangay Good Governance & Section 17 (b1) of LGC)*

ANG BARANGAY AY MAY **DALAWANG PINANGGAGALINGAN NG PONDO**: 1. **INTERNAL SOURCES** (FEES & CHARGES SUCH AS SHARE FROM REAL PROPERTY TAX ETC.) AT 2.) **EXTERNAL SOURCES** (INTERNAL REVENUE ALLLOTMENT O IRA ETC.) *(Refer to Briefer on Barangay Good Governance)*

ANG IRA NG BARANGAY AY **20% NG KABUOANG IRA**. NGAYONG **2013** ANG IRA NG BARANGAY AY **P59 BILYON** O **MAS MATAAS NA P3 BILYON NOONG 2010 NA P53 BILYON.**

43% NG MGA BARANGAY AY MAY **IRA NA P I MILYON PABABA**; AT **57%** NG MGA BARANGAY AY MAY **IRA NA P1 MILYONG PATAAS**.

SA **ATING REHIYON/LGU** HALIMBAWA, ANG MGA SUMUSUNOD NA BARANGAY AY MAY GANITONG INCOME PROFILE: Barangay _____; Barangay _____, Barangay _____.

ANG PONDO NG BARANGAY AY MAY LIMITASYONG 55%-45%. ANG 55% AY NAPUPUNTA SA PERSONAL SERVICES (PS). NAKAPALOOB NAMAN SA 45% ANG 20% DEVELOPMENT FUND, 5% DRRM FUND, 10% SK FUND, 5% GAD FUND, AT 1% PWDs & SENIOR CITIZEN ETC.

ANG **BARANGAY AY PINAMUMUNUAN NG ISANG PUNONG BARANGAY**. KATUWANG NIYA ANG PITONG BARANGAY KAGAWAD AT SK CHAIRMAN NA SIYA RING BUMUBUO NG **SANGGUNIANG BARANGAY.** KASAMA DIN NILA ANG KALIHIM AT INGAT YAMAN NG BARANGAY**.***(Refer to KAPehan Sa Karangay Flyer & Sections 387 & 390 of LGC)*

ANG **PUNONG BARANGAY** ANG 1.) PUNONG EHEKUTIBO, TULAD NG PANGULO NG PILIPINAS; 2.) PRESIDING OFFICER NG SANGGUNIANG BARANGAY; AT 3.) CHAIRMAN NG LUPONG TAGAPAMAYAPA. *(Refer to Briefer on Barangay Good Governance)*

PANGUNAHING TUNGKULIN NG **SANGGUNIANG BARANGAY** ANG MAGPASA NG MGA RESOLUSYON AT ORDINANSANG NARARAPAT PARA SA KAUNLARAN AT KAPAYAPAAN NG KANILANG KOMUNIDAD. *(Refer to 391 of LGC)*

SA PAGPAPATUPAD NAMAN NG PROYEKTONG PANGKAUNLARAN O DEVELOPMENT PROJECTS, MAHALAGANG ISAALANG-ALANG ANG PAGIGING **HAYAG O TRANSPARENT** TULAD NG PAGLALAGAY NG **BILLBOARD** SA BAWA'T PROYEKTO. ITO RIN AY INIUULAT SA PAGDARAOS NG **BARANGAY ASSEMBLY DAY** BILANG PAGTALIMA NA RIN SA ADBOKASIYA NG DILG PARA SA **FULL DISCLOSURE POLICY**. *(Refer to MC 2010-122 re: Guideposts In Promoting And Sustaining Barangay Good Governance & Briefer on Barangay Good Governance)*

NARARAPAT DIN ANG PAGKAKAROON NG **ACCOUNTABILITY** O MATAAS NA PAGPAPAHALAGA SA PANANAGUTAN. DAPAT DUMADAAN SA TAMANG **BIDDING** ANG MGA PROYEKTONG IPINAPATUPAD. MALIBAN DITO DAPAT MAY MAHUSAY NA **IMBENTARYO** NG MGA PASILIDAD AT KAGAMITAN ANG ISANG BARANGAY. *(Refer to MC 2010-122 re: Guideposts In Promoting And Sustaining Barangay Good Governance & Briefer on Barangay Good Governance)*

ANG MGA NANUNUNGKULAN SA BARANGAY AY **WALANG SWELDO KUNDI HONORARIUM LAMANG** NA MAY **MINIMUM NA P1,000.OO SA PUNONG BARANGAY AT P600.00 SA MGA KAGAWAD/KALIHIM/INGAT YAMAN**. *(Section 393, LGC)*

ANG HONORARIUM AY KATUMBAS NG SALARY GRADES NG MGA EMPLEYADO NG KANILANG BAYAN O LUNGSOD PARA SA **PUNONG BARANGAY (SG 14)** AT **KAGAWAD/KALIHIM/INGAT-YAMAN (SG 10)**. ANG **MAXIMUM HONORARIUM** SA FIRST CLASS CITY AY P23,044.00 SA PB AT P17,255.00 SA MGA KAGAWAD. SA FIRST CLASS MUNICIPALITY AY P20,740.00 SA PB AT P15,530.00 SA MGA KAGAWAD.*(Local Budget Circular No. 63).*

SILA DIN AY MAAARING MAKATANGGAP NG MGA SUMUSUNOD NA **BENEPISYO** HABANG SILA AY NANUNUNGKULAN TULAD NG: 1.) CHRISTMAS BONUS; 2.) INSURANCE COVERAGE; 3. MEDICAL CARE; 4. EDUCATIONAL BENEFIT MAGING SA KANILANG LEHITIMONG MGA ANAK; 5.) DEATH BENEFIT; AT 6.) CIVIL SERVICE ELIGIBILITY.

BAKIT MARAMING TUMATAKBO TUWING HALALANG BARANGAY? ITO AY DAHIL SA MGA SUMUSUNOD: 1.) BUNGSOD NG **PAGMAMALASAKIT SA BAYAN**; 2.) **ISANG KARANGALAN O "PRESTIGE"** ANG MAGSILBI SA BAYAN; AT 3.) ITINUTURING DIN ITONG **ISANG BOKASYON O "CALLING".**

SA DARATING NA **OKTUBRE 28, 2013**, MAGKAKAROON MULI TAYO NG HALALANG PAMBARANGAY NA MAGSISIMULA SA GANAP NA **IKA-7 NG UMAGA HANGGANG IKA-3 NA HAPON**. *(COMELEC RESOLUTION 9715; Section 190, OEC).*

ANG **FILING OF CERTIFICATE OF CANDIDACIES** AY SA **OCTOBER 11, 12, 14, 15, 16, 17, 2013 (8:00 am – 5:00 pm)** AT **ANG CAMPAIGN PERIOD AT SA OCT. 18-26, 2013.** *(COMELEC Resolution Nos. 9761 & 9715)*

ANG MGA **KWALIPIKASYON NG MGA KANDIDATO** AY ANG MGA SUMUSUNOD : 1. FILIPINO, 18 TAONG GULANG PATAAS SA ARAW NG HALALAN, MARUNONG BUMASA AT SUMULAT NG FILIPINO O ANUMANG LOKAL NA WIKA; BOTANTE AT NANINIRAHAN SA BARANGAY NG ISANG TAON PATAAS SA ARAW HALALAN. *(COMELEC Resolution No. 9740)*

ANG HALALANG PAMBARANGAY AY **NON-PARTISAN.** IBIG SABIHIN WALANG POLITICAL PARTIES ANG MGA KANDIDATO. ITO AY RIN AY **MANUAL**. IBIG SABIHIN HINDI GAGAMIT NG PCOS MACHINE.

MAHALAGANG **TUMALIMA SA MGA PANUNTUNAN** ANG MGA KANDIDATO TULAD NG PAGGAMIT NG TAMANG SUKAT NG POSTERS, COMMON POSTER AREAS, AT TAMANG GASTUSIN.

DAPAT TUPARIN ANG BATAS PARA SA MGA **PINAGBABAWAL NG MGA GAWAIN O PROHIBITED ACTS** TULAD: PAGDADALA NG BARIL (GUN

BAN), PAMIMILI NG BOTO, PAG-IINUMAN NG ALAK SA ITINAKDANG PANAHON (LIQOUR BAN) ATBP *(COMELEC Resolution No. 9715)*

ANG MGA TUMATAKBO SA HALALANG ITO AY DI DAPA'T ITURING NA MAGKAKALABAN. ITO AY UPANG MAIWASAN ANG ANUMANG URI NG KARAHASAN. **SILA AY MAGKAKATUNGGALI LAMANG HINDI MAGKAKALABAN**.

BILANG **NA-DEPUTIZED NA AHENSIYA** SA BISA NG COMELEC RESOLUTION No. 9733, KAILANGANG SIGURUHIN NG DILG ANG PAGTALIMA NG BAWA'T ISA SA MGA KAUTUSANG MAY KINALAMAN SA NALALAPIT NA HALALAN.

DAPAT NAMANG SUNDIN NG MGA BOTANTE ANG TAMANG **BATAYAN SA PAGPILI NA NARARAPAT NA MGA KANDIDATO**. DAPAT ANG PIPILIIN AY HINDI LAMANG MATALINO, DAPAT SILA AY **MAHUSAY NA, MATINO PA.** *(Refer to KAPehan Sa Barangay)*

ANG HALALANG PAMBARANGAY AY SIMULA LAMANG NG PANIBAGONG YUGTO NG ATING MGA BARANGAY. PAGKATAPOS NITO, INIHAHANDA ANG MGA BARANGAY PARA SA MAAYOS NA **PAGSASALIN NG KAPANGYARIHAN O TURNOVER SA NOVEMBER 30, 2013 (12:00 NN)** KUNG SAAN DAPAT MAGKAROON NG **TRANSITION TEAM** ANG BAWA'T BARANGAY. BAHAGI NG TURN-OVER ANG PAGKAKAROON NG **CLEARANCE** ANG DATING PUNONG BARANGAY AT INGAT-YAMAN.

MATAPOS NG PAGKAKAROON NG ISANG MAAYOS NA PAGLILIPAT NG KAPANGYARIHAN SA MGA NAHALAL NA MGA PINUNO, NAKAATANG NAMAN SA DILG ANG PAGPAPALAKAS NG KANILANG KAPASIDAD SA PAMAMAGITAN NG KAUKULANG PAGSASANAY – ANG **BARANGAY NEWLY ELECTED OFFICIALS' (BNEO)** TRANING PROGRAM.